

Taon XXXII Blg.10 Oktubre 2002

Editoryal

Pataasin ang antas ng lumalawak na patriyotikong nagkakaisang prente

kinagagalak ng Partido Komunista ng Pilipinas at mga rebolusyonaryong pwersa ang pag-Lusbong at mabilis na paglawak ng patriyotikong nagkakaisang prente na lumalaban sa presenya ng mga tropang Amerikano at sa bulag na pagsunod ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa bawat utos at patakaran ng imperyalismong US.

Kinikilala ng Partido ang malaking potensyal ng patriyotikong nagkakaisang prente hindi lamang sa paglaban sa mga kagyat na usapin ng panghihimasokmilitar ng US, kundi pati sa ibayong pagpapalakas sa kilusan para wakasan ang papet na paghahari ni

Nakamumuhi ang pangangayupapa ni Macapagal-Arroyo sa imperyalismong US, laluna sa "digmang kontra-terorismo" ng utak-pulburang si Presidente George W. Bush ng US. Nagkukumahog si Macapagal-Arroyo na makakuha ng (a) ayuda upang tukuran ang naghihingalong ekonomya; (b) suportang militar upang ibwelo ang kontra-rebolusyonaryong todotodong digma; at (k) suportang pampulitika laluna para sa kanyang balak na pagtakbo bilang presidente sa 2004.

Upang makamit ito, walang awat na iginigiit ni Macapagal-Arroyo ang pananatili ng mga tropa ng

> US sa bansa sa pamamagitan ng pagdaraos ng sunud-sunod na mga pagsasanay ng

mga Amerikanong sundalo rito pagtulak na pagtibayin ang Mutual Logistics Support Agreement (MLSA).

Todo-todo nitong sinusuportahan ang arogante at mapanagasang patakarang panlabas ng imperya-

hismong US, laluna sa



TAMPOK NA BALITA: MATATAGUMPAY NA TAKTIKAL NA OPENSIBA NG BHB - tingnan sa pahina 5